WHAT SHAPES US

# Mga Sakramento

WEEK 4

## WARM-UP

- Isipin ang isang pagdiriwang na pinuntahan mo kamakailan lang. Gaano kahalaga na ipagdiwang ang kaganapang ito?
- May pang-araw-araw na ritwal ka ba o mga karaniwang ginagawa? Para saan ito at bakit mo ito ginagawa?
- Magbigay ng isa sa mga tradisyon ng pamilya mo. Ano ang sinasabi nito tungkol sa mga pinapahalagahan ninyo bilang isang pamilya?

## WORD

[41]*Marami ang naniwala sa kanyang mensahe at nagpabautismo agad sila. Nang araw na iyon, mga 3,000 tao ang nadagdag sa mga mananampalataya.* [42]*Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin.* **MGA GAWA 2:41–42**

Hinuhubog ng mga paniniwala natin ang ating mga ginagawa at mga tradisyon. Pagkatapos nilang marinig ang ebanghelyo mula kay Pedro, maraming disipulo ang nagpabautismo sa pananampalataya at ginustong sundin ang mga salita at pamamaraan ni Jesus. Ang debosyon nila ay hindi para sa kanilang kaligtasan kundi isang paraan para matanggap nila ang biyaya. Ang iba't ibang paraan ng pagtanggap ng biyaya, kasama na ang mga sakramento, ay hindi mga paraan para matanggap natin ang kaligtasan. Sa halip, ang mga ito ay daan para mas maranasan pa natin ang biyaya ng Diyos habang isinasabuhay natin ang ating kaligtasan. Tingnan natin ang dalawang sakramento na si Jesus mismo ang nagtatag at kung bakit ginagawa pa rin natin ang mga ito sa ngayon.

## 1 Sa pamamagitan ng sakramento ng komunyon, inaalala natin at ihinahayag kung ano ang ginawa ni Jesus para sa atin.

*. . . [24]at pagkatapos niyang magpasalamat sa Diyos, hinati-hati niya ito at sinabi, "Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin." [25]Pagkatapos nilang kumain, ganoon din ang ginawa niya sa inumin. Kinuha niya ito at sinabi, "Ang inuming ito ang bagong kasunduan na pinagtibay ng aking dugo. Tuwing iinumin ninyo ito,* ***gawin ninyo bilang pag-alaala sa akin****." [26]Sapagkat tuwing kakain kayo ng tinapay na ito at iinom ng inuming ito,* ***ipinapahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa kanyang pagbabalik****.*

**1 CORINTO 11:24–26**

Pinagdiriwang natin ang Huling Hapunan o komunyon, hindi lamang para sa tradisyon, kundi para kilalanin at alalahanin ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesus na siyang nagbigay-daan para sa ating kaligtasan. Inaalala natin ang Kanyang katawan na inalay Niya para sa atin, at sa pamamagitan ng Kanyang mga sugat ay gagaling tayo (Isaias 53:5). Pinapasalamatan natin Siya para sa Kanyang dugo na ibinuhos para linisin ang ating mga kasalanan (1 Juan 1:7). Sa tuwing ginagawa natin ito, inihahayag natin ang ebanghelyo nang may pananampalataya at ang pag-asa na babalik muli si Jesus. Bakit mahalaga na alalahanin natin ang ginawa ni Jesus sa pamamagitan ng komunyon?

## 2 Sa pamamagitan ng sakramento ng bautismo, iniuugnay natin ang ating sarili sa ginawa ni Jesus para sa atin sa harap ng publiko.

*Kaya noong binautismuhan tayo, namatay tayo at inilibing na kasama niya. Kung paanong binuhay muli si Cristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo rin ay mamuhay sa bagong buhay.* **MGA TAGA-ROMA 6:4**

(Basahin din ang **MGA TAGA-ROMA 6:9–10.**)

Binibigyan tayo ng Ebanghelyo ayon kay Mateo ng ilang larawan tungkol sa bautismo at kahalagahan nito (Mateo 3:16; 28:19). Bilang mga mananampalataya, nakikibahagi tayo sa

pagbautismo. Sa pamamagitan ng bautismo, inihahayag natin na noong namatay si Cristo, ang makasalanan nating mga sarili ay namatay kasama Niya. Tulad ng muling pagkabuhay ni Cristo, tayo rin ay muling mabubuhay kasama Niya sa isang *bagong buhay*. Ang bautismo ay isang pagpapakita ng pananampalataya at pagsunod dahil naniniwala tayo sa ebanghelyo at umaasa tayo sa Diyos. Balikan ang panahong nagpabautismo ka sa tubig. Ano ang pananaw at pananampalatayang ipinahayag mo noong panahong ito?

## 3 Sa pamamagitan ng mga sakramentong ito, tinatanggap at isinasabuhay natin ang biyaya ng Diyos.

*5 At kung nakasama tayo sa kanyang kamatayan, tiyak na mabubuhay tayong muli tulad ng muli niyang pagkabuhay. 6 Alam natin na ang dati nating pagkatao ay ipinako na sa krus kasama ni Cristo para mamatay, kaya hindi na tayo dapat alipinin pa ng kasalanan.* **MGA TAGA-ROMA 6:5–6**

Ang dalawang sakramentong ito ay itinala sa Bibliya bilang mga sakramentong ibinigay ni Jesus sa iglesya (1 Corinto 11:24–26 at Mateo 28:18–20). Ang mga gawaing ito ay paraan ng pagtanggap ng biyaya at nagsisilbing mga nakikitang palatandaan ng ginagawa ng Diyos sa mga mananampalataya. Kapag ginagawa natin ang komunyon o kaya ay nagpabautismo tayo, hindi ang paggawa ng mga ito ang nagiging dahilan para maging karapat-dapat tayong tumanggap ng biyaya ng Diyos. Sa halip, dahil sa mga gawaing ito na nagpapakita ng pananampalataya natin, inilalagay natin ang ating mga sarili sa lugar para mas maranasan pa ang Kanyang biyaya. Kapag naaalala natin ang kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay ni Jesus, nagkakaroon tayo ng lakas na magtagumpay laban sa kasalanan at mamuhay para sa Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang muling pagkabuhay. Paano tayo natutulungan ng biyaya ng Diyos para sundin Siya (Tito 2:11–14)?

## APPLICATION

- May mga nabuo ka bang kaisipan tungkol sa mga sakramento na maaaring hindi sang-ayon sa salita ng Diyos? Paano makakatulong sa iyo ang mga inaral natin ngayon para maiayon ang puso at motibasyon mo sa katotohanan?
- Nabautismuhan ka na ba sa tubig? Gusto mo bang ipahayag sa publiko ang iyong pananampalataya at iugnay ang iyong sarili sa kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay ni Jesus? Sa palagay mo, papaano ka matutulungan nito na lumago sa iyong karunungan at pagmamahal sa Diyos?
- Sa pamamagitan ng komunyon, ipinapahayag natin ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa Kanyang pagbabalik. Kanino mo pwedeng ibahagi ang katotohanang nakakapagligtas tungkol kay Jesus ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala Niya ng Kanyang Anak na si Jesus upang iligtas tayo. Pasalamatan Siya para sa mga sakramento na nagagawa natin upang ipagdiwang si Jesus at mas makatanggap pa ng biyaya mula sa Kanya.
- Hilingin sa Diyos na bigyan ka Niya ng tamang pang-unawa, motibasyon, at puso habang nakikibahagi ka sa mga sakramento. Manalangin na hindi mo isasantabi ang iyong kaligtasan na binayaran ni Cristo at lalago pa ang pagmamahal mo sa Diyos araw-araw.
- Ipanalangin na mamumuhay ka sa paraang patay sa kasalanan at buhay kay Cristo. Ipagdasal na magkaroon ka ng lakas ng loob na ibahagi ang ginawa ni Jesus sa mga nakapalibot sa iyo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Varsha Daswani, Pastor Manny Muleta, Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.